ANNEX "S"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, si ANALE MENDOZA, nasa wastong gulang, nakatira sa 2368 Pasig Line St., Barangay 780, San Andres Bukid, Maynila, matapos makapanumpa ng naaayon sa batas, ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako po ay isang lay mission partner ng Religious of the Good Shepherd Mission dito sa aming lugar, ang San Andres Bukid, Maynila. Ang Good Shepherd Mission ay pinamamahalaan ni Sister Ma. Juanita R. Daño, kilala sa palayaw na Sister Nenet at residente rin ng San Andres Bukid.

2. Bilang Good Shepherd Mission partner, lumalahok kami sa mga *bible study* at pagdarasal. Sumasama rin kami sa mga pagtitipon kapag may mga importanteng isyu na nakaaapekto sa mga miyembro ng komunidad, tulad sa isyu ng *death penalty*. Sumasama rin kami sa mga proyekto para sa pangangalaga ng kalikasan tulad ng paglatanim ng puno sa aming pamayanan o barangay. Tinutulungan din namin ang mga kababaihan at kabataan na biktima ng pang-aabuso.

3. Mula nang ipatupad ang Tokhang laban sa ilegal na droga noong Hulyo ng nakaraang taon, marami nang kakaiba at nakakagimbal na mga pangyayari sa San Andres Bukid kaugnay sa extra-judicial killings o EJK. Sa nakaraang taon, hindi bababa sa tatlumpu't limang (35) EJK o pagpatay sa San Andres Bukid ang naipabatid sa amin na nangyari sa San Andres Bukid.

4. Nalalaman namin ang tungkol sa mga EJK sa aming lugar dahil naging bahagi ng aming gawain bilang Good Shepherd Mission partner ang pagdalaw sa burol ng mga pinatay at pagdarasal para sa kanilang kaluluwa. Kinakausap din namin ang mga namatayang pamilya at inaalam ang mga detalye ng pagpanaw ng kanilang mahal sa buhay. Kahit na nailibing na ang biktima, dumadalaw pa

rin kami sa namatayang pamilya. Kasama ni Sister Nenet, tumutulong at nakikiramay po kami sa kanila.

5. Bagaman naging gawain namin sa Religious of the Good Shepherd Mission ang pagdalaw sa mga napatay, hindi ko inaasahan na ako at ang aking pamilya ay dadapuan din ng trahedya. Noong Oktubre 12, 2016, pinatay ang aking anak na si Alvin Mendoza. Siya ay 23 taong gulang lamang.

6. Bandang ala una ng madaling araw, lumabas ng bahay si Alvin para kumain sa lugawan. Habang kumakain siya, napansin niya na kinokordon ng mga unipormadong pulis ang lugawan. Sabi raw niya sa isa sa mga serbidor ng lugawan, *"Siguro may yayariin kasi maraming pulis."*

7. Dalawang lalaki na naka-mask ang bumaril kay Alvin habang siya ay kumakain. Tinapunan pa raw ng mga bumaril kay Alvin ng mga sachet ng shabu ang katawan niya para palabasin na gumagamit siya ng droga. Ngunit kinuha ng mga tao sa lugawan 'yung mga sachet at mabilis na umalis.

8. Ang kuwento ng isang saksi, mayroong kilalang pusher na nakasabay ni Alvin na pumasok at kumain sa lugawan. Pareho sila ni Alvin ng suot na kulay ng damit. Kung kaya't naniniwala kami na napagkamalan lamang si Alvin.

9. Sinabi rin ng saksi na si Gilbert na mga pulis ang mga lalaking sibilyan na bumaril kay Alvin. Nakita nito ang mga lalaki na dumating sakay ng motorsiklo. Hindi pa raw nakasuot ng mask ang mga ito nang dumating. Nakilala niya ang isa sa mga ito bilang pulis. Sa kasamaang palad, pinatay din si Gilbert isang buwan matapos ang pagpatay kay Alvin.

10. Napakasakit ng pagkawala ng anak ko na si Alvin. Wala ito sa drug watchlist. Iniwan niya ang kanyang dalawang anak na napakaliliit pa.

11. Kahalo ng aming lungkot ang takot sa pagpatay sa aking anak at sa napakarami pang pinatay sa San Andres Bukid. Marahas, walang pakundangan at tuloy-tuloy na patayan sa aming lugar.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika-___ ___ ng ~~Setyembre~~ 2017.

16 OCT 2017

A Mendoza
ANAPE MENDOZA
Lagda

VIN 3914-29878-102868ATMM20000-1

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika 16 OCT 2017 ng ___ ___ _, ___. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

Doc. No. 82
Page No. 17
Book No. I
Series of 2017.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St
Salcedo Village, Makati City

BILANG PATUNAY ay nilagdaan ko ang salaysay na ito ngayong 16 OCT 2017 sa MAKATI CITY.

RUSSEL SALVADOR

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika 16 OCT 2017 ng _____, _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

NOTARY PUBLIC

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St.
Salcedo Village, Makati City

Doc. No. 98;
Page No. 20;
Book No. I;
Series of 2017.